Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-SAMPUNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG OKTUBRE 19, 2020 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 20-10-436

**KAPASYAHANG HUMIHILING SA COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE (CENRO) AT PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE (PENRO) NA MABIGYAN NG LISTAHAN NG MGA BAKANTENG LUPA NA WALANG TITULO ANG TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN AT SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG BULALACAO KASAMA ANG LISTAHAN NG MGA INTERESADONG APLIKANTE PARA SA KAALAMAN NG LOKAL NA PAMAHALAAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

**"SAPAGKAT,** ang Bayan ng Bulalacao ay may malawak na lupain sa ilalim ng A & D na maaaring aplayan ng isang interesadong tao at mapasakanya matapos maisumite ang kakailanganing dokumento sa CENRO o PENRO na siyang nag-aapruba nito;

**"SAPAGKAT,** ang Lokal na Pamahalaang Bayan ng Bulalacao ay may nakalinyang proyektong pang-imprastraktura tulad ng bagong gusali ng pamahalaang bayan, palengke at terminal ng mga pampublikong sasakyan na kung saan ang pangunahing kakailanganin sa pagsasakatuparan nito ay ang lupa na pagtitirikan alinsunod sa kasalukuyang mga alituntunin at patakaran;

**"SAPAGKAT,** sa pagtatasa ng Pamahalaang Bayan ay mas makatipid kung ang lupang pagtatayuan ng mga nabanggit na proyekto ay hindi bibilhin kung kaya, ang lahat ng pondo ay mabubuo sa pagsasakatuparan nito na magdudulot ng lubos na kasiyahan at kaginhawahan sa mamamayang Bulalacao na direktang makikinabang;

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** isang malungkot na malaman na ang ilan sa mga lupain dito ay inaplayan at napatituluhan sa mga dayuhan sa halip na pakinabangan ng mga tagarito kung kaya, sa pamamagitan ng resolusyong ito ay inaasahan ang positibong pagtugon ng CENRO at PENRO; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Hilingin sa Community Environment and Natural Resources Office (CENRO) at Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO) na mabigyan ng listahan ng mga bakanteng lupa na walang titulo ang Tanggapan ng Punong Bayan at Sangguniang Bayan ng Bayan ng Bulalacao kasama ang listahan ng mga interesadong aplikante para sa kaalaman ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao, Oriental Mindoro;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Kieven E. Cantos, SB Member Elpidio N. Contreras, Jr., SB Member Edezer F. Aceron, SB Member, Enrico C. Villas at SB Member Dexter R. Gonzales, pinangalawahan ni SB Member Edwin C. Aceron, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY"**: Oktubre 19, 2020 Bulalacao, Oriental Mindoro.

x------------------------------------------------------------------x

| | |
|---|---|
| **Kgg. DEXTER R. GONZALES**<br>Sangguniang Bayan Member | **Kgg. DENNES M. FANER**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **Kgg. EDEZER F. ACERON**<br>Sangguniang Bayan Member | **Kgg. GERMAN S. ACOSTA**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **Kgg. KIEVEN E. CANTOS**<br>Sangguniang Bayan Member | **Kgg. JESS V. SAPUNGAN**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **Kgg. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**<br>Sangguniang Bayan Member | **Kgg. EDWIN C. ACERON**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **Kgg. ENRICO C. VILLAS**<br>Pangulo, Liga ng mga Barangay | **Kgg. KIM JONH ELCO E. CANTOS**<br>SK Federation President |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**Kgg. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**Kgg. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 10/29/2020

201020/PLP/jpc

Scanned with CamScanner